

Mga paalaala tungkol sa araw-araw na pamumuhay.



Presinto ng pulis ng Saijo sa Ehime

Magandang araw sa inyong lahat.

Gumagawa ang mga pulis ng iba't ibang bagay para hindi kayo masugatan sa aksidente, masangkot sa krimen at mga kaguluhan sa araw-araw na pamumuhay. Kaya, kapag nakita namin kayo sa labas, maaaring kausapin o tanungin namin kayo tungkol sa iba't ibang bagay. Kung makita naman ninyo ang mga pulis o naroon kayo malapit sa presinto ng pulis o police box, huwag kayong mag-atubiling makipag-usap o magtanong.

Gusuto sana naming magkaroon ng mabuting relasyon sa lahat.



Para makapamuhay nang maayos dito sa Japan.

Kailangang isalang-alang ang mga tao sa paligid ninyo para maginhawang makapamuhay dito sa Japan. Lalo na sa gabi, mag-ingat na huwag maingay (musika o pakikipag-usap sa malakas na boses). Kahit na sa palagay ninyo ay karaniwan lang ang lakas ng inyong boses sa usapan, maaaring magkamali ng akala ang mga tao sa paligid kasi hindi nila naiintindihan ang Tagalog. Isang beses dati, nagkamali ng akala ang mga kapitbahay at dumaraang tao na nag-aaway ang mga dayuhan dahil sa malakas na boses kaya nagreklamo sila sa pulisya.

Sumdin ninyo ang magandang asal at kaugalian ng Japan para sa makabuluhang pamumuhay.



Kung lalabas ng bahay at iba pa, palaging dalhin ang residence card ninyo.

Mahalaga ang residence card para patunayan ang inyong pagkakakilanlan kaya kung lalabas ng bahay at iba pa ang mga dayuhan na nakatira sa Japan, obligasyon na palaging dalhin ang residence card. Kapag hiniling ng Pulisya, Imigrasyon at Japan Coast Guard, mangyaring ipakita ang residence card ninyo. Kapag natanggap na ninyo ang residence card, palagi itong dalhin kung lalabas ng bahay at iba pa.



Huwag kunin ang bisikleta ng ibang tao nang walang pahintulot.

Madalas makakita ng bisikleta na iniwan sa kalye dito sa Japan pero ang ilan sa mga bisikletang iyan ay iniwan sa kalye pagkatapos nakawin. Kaya kahit mukhang basura na, mayroong may-ari ang bisikleta kaya huwag kunin ang bisikleta ng ibang tao.



Tungkol sa problema ng pagkawala ng tao.

May mga sindikato ng kriminal dito sa Japan na puntirya ang mga apprentice o trainee at nag-aalok ng ibang trabaho sa kanila. Inaakit ng mga sindikatong ito ang mga apprentice o trainee gamit ang matamis na pangako na “may trabaho na mas mataas ang suweldo” at iba pa at irekumenda sa kanila na lumipat at magtrabaho sa ibang lugar mula sa kumpanya ngayon.

Siguradong walang maayos na trabaho sa inaalok na mga trabaho ng sindikato sa inyo. Huwag kayong maniwala sa matamis na pangako na, “mas kikita kayo kaysa sa kasalukuyan” at iba pa. Huwag kayong makisama sa mga ilegal na nakatira(bilog) o ilegal na manggagawa sa Japan.



Para maiwasang manakaw ang bisikleta.



Kapag ipinarada ang bisikleta, isusi ito kahit sandaling oras lang. 60% hanggang sa 70% ng mga ninakaw na bisikleta ay hindi nakasusi. Mas ligtas kung dalawa ang susi ng bisikleta.

Kapag naglagay ng mga gamit sa basket ng bisikleta, gumamit ng net para hindi manakaw. Kung may dalang bag o gamit at hawak ito sa bahaging dinaraan ng tao at sasakyan, may panganib na maagaw ang mga ito. Kaya kapag may dalang gamit, hawakan ito sa bahaging hindi dumaraan ang tao at sasakyan.



Mahigit sa 90% ng nanakawan na bahay ay hingi nakasusi ang pinto o bintana kaya kung lalabas kayo ng bahay, huwag kalimutang isusi ito. Kumunsulta nang mabuti sa opisyal ng kumpanya tungkol sa pagtatago ng pera at mahalagang bagay.



Kapag lalabas ng bahay sa gabi, mag-ingat nang husto at tiyaking isinusi ang pinto at bintana, lalo na ang mga babae. Isampay ang nilabhan na panloob (underwear) at iba pang gamit sa lugar na hindi nakikita mula sa labas.




Emergency call number 110

Kung may mangyaring aksidente o insidente sa inyo o makakita ng tao na biktima nito, i-dail ang emergency call number 110.

【6 na mahalagang bagay na dapat tandaan sa emergency call】

- ① Aksidente ba o insidente?
- ② Anong oras nangyari?
- ③ Saan nangyari?
- ④ Nakita mo ba ang number?
- ⑤ Mayroon bang nasugatan?
- ⑥ Pakisabi ang pangalan, adres at telephone number mo.



Ang lahat ng tawag sa 110 sa loob ng Ehime Prefecture ay natatanggap sa Headquarters ng Pulisya ng Ehime Prefecture sa Lunsod ng Matsuyama.




Karigtasan sa trapiko.




Sundin ang mga patakaran sa trapiko.

Magkaiba ang mga patakaran sa trapikong Japan at Pilipinas. Para maprotektahan ang buhay, sundin ang mga patakaran sa trapiko. Kung magkakaroon ng aksidente sa trapiko dahil sa kapabayaang mo at magkaroon ng pinsala ang ibang tao, maaari kang pagbayarin ng danyos para sa pananagutan sa pinsala ayon sa bigat ng kasalanan (maaari kang arestuhin kapag tumakas sa lugar ng lugar ng aksidente o tangkain ang pagsira ng ebidensya). Kapag lumabag sa batas trapiko ang nagbibisikleta o naglalakad natao (pedestrian), papapanagutin sila sa kapabayaang o pananagutang iyon (maaari kang pagbayarin ng danyos para sa pananagutan sa pinsala.). Kapag naaksidente pero ikaw ang lumabag sa patakaran ng trapiko, hindi ka makakatanggap ng danyos para sa pinsala.



Sundin ang mga karatulang pantrapiko at signal light. Dapat dumaan ang naglalakad na tao (pedestrian) sa bandang kanan at sa bandang kaliwa naman ang mga sasakyan. Kung magkakasalubong ang naglalakad at nagbibisikleta dapat bigyang-daan ng nagbibisikleta ang naglalakad sa kalsada. Kung tatawid ng kalsada, tumawid sa tawiran para sa pedestrian. Huwag tumawid sa harapan o likuran ng kotseng nakaparada sa tabi ng daan at sa lugar na bawal tumawid. Huwag gumawa ng mga bagay na makakahadlang sa daloy ng trapiko sa kalye. Kung may karatula na kailangang huminto nang pansamantala, dapat huminto ang sasakyan at tao tapos tumingin sa kaliwa at kanan bago dumaan.



Para sa lahat ng gumagamit ng bisikleta.

++Maraming aksidente sa tawiran o crossing.++

Anong klase ng aksidente ang marami?

Pinakamaraming aksidente ay banggaan ng magkasalubong at kasunod ay aksidente sa pagliko (sa kaliwa o kaan) sa kanto. Maraming nangyayaring aksidente sa tawiran o crossing.

Sa anong lugar mas maraming nangyayaring aksidente?


Mga 60% ng namamatay sa aksidente ng bisikleta ay naaaksidente na hindi hihigit sa 1 kilometro mula sa bahay nila.

Tungkol sa sanhi at solusyon.

Ang pinakamalaking dahilan ay hindi pagtingin kung ligtas o hindi ang paligid. Halimbawa, kahit pamilyar kayo sa kalsada, huminto muna at tumingin sa kaliwa at kanan bago dumaan.



Magkaiba ang mga patakaran sa trapiko ng Japan at Pilipinas. Kahit sanay na sa pamumuhay sa Japan, mag-ingat nang husto kung lalabas ng bahay o magmamaneho ng sasakyan.



Tamang paraan ng pagsakay ng bisikleta.




- ① Bilang patakaran, dapat dumaan ang bisikleta sa daanan ng sasakyan at hindi sa side walk.

Ang bisikleta ay isang light vehicle ayon sa batas trapiko ng Bansang Hapon kaya kung iba ang daanan ng sasakyan sa side walk, dapat karaniwang dumaan sa daanan ng sasakyan.

【Parusa】Pagkabilanggo na hindi hihigit sa tatlong buwan o multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.



- ② Dumaan sa bandang kaliwa ng daanan ng sasakyan.



Dapat dumaan ang bisikleta sa bandang kaliwa satabi ng daan.

【Parusa】Pagkabilanggo na hindi hihigit sa tatlong buwan o multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.



- ③ Mas binibigyan ng prayoridad ang mga taong naglalakad (pedestrian) sa side walk kaya bagalan ang takbo malapit sa daanan ng sasakyan.

Dapat kayong dahan-dahang dumaan sa said walk para makahinto kaagad kung may naglalakad na tao (pedestrian) at sakaling magiging hadlang sa mga naglalakad, dapat pansamantalang huminto.

【Parusa】Multa na hindi hihigit sa 20,000 yen.



※Karaniwang bisikleta lang.



- ④ Sundin ang mga patakaran ukol sa kaligtasan.
■Bawal magmaneho na hindi hawak ang manibera.

Maliban sa pagsenyas, dapat hawakan ang manibela ng dalawang kamay.



【Parusa】Pagkabilanggo na hindi hihigit sa tatlong buwan o multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.

- Bukasan ang ilaw sa gabi.


(Ipinapatupad rin namin ang kampanya na buksan ang ilaw sa araw.)

Bukasan ang ilaw sa harapan o likuran o magdikit ng reflector.



Dapat sundin ang mga signal light. Kung may signal light “para sa naglalakad (pedestrian) at bisikleta”, sundin ang signal light na iyan.

- Sundin ang mga signal light.



【Parusa】Multa na hindi hihigit sa 20,000 yen.

【Parusa】Pagkabilanggo na hindi hihigit sa tatlong buwan o multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.

【Parusa】Multa na hindi hihigit sa 20,000 yen.

- Huminto at tumingin sa kaliwa at kanan sa tawiran o crossing.


Sundin ang karatula at pansamantalang tumigil. Ngunit kung walang karatula at hindi makita nang mabuti ang paligid ng crossing, dapat dumaan nang dahan-dahan. Huwag kalimutang tumingin sa kaliwa at kanan sa crossing.



【Parusa】Pagkabilanggo na hindi hihigit sa tatlong buwan o multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.

- Dumaan sa tawiran ng bisikleta.

Malapit sa lugar na may(karatula o sign) ng tawiran ng bisikleta, dumaan sa bahaging may palatandaan nito.



Bawal ang paggamit ng cell phone o payong habang nagbibisikleta.

Bawal!



Bawal gumamit ng payong habang nagbibisikleta sa kalsadang maraming dumaan.

【Parusa】Multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.



Bawal gumamit ng payong habang nagbibisikleta sa kalsadang maraming dumaraan.

【Parusa】Multa na hindi hihigit sa 50,000 yen.

【Parusa】Sa mga hindi susunod sa utos ng pulis at hindi daraan sa tawiran, magmumulta ng hindi hihigit sa 20,000 yen.

	Bawal gumaan		Bawal dumaan ang sasakyan		Bawal pumasok ang sasakyan
	Bawal dumaan ang bisikleta		Sasakyan (may makina) lang ang maaaring dumaan		Bisikleta lang ang maaaring dumaan
	Bisikleta at tao lang ang maaaring dumaan		Tao lang ang maaaring dumaan		One-way ang bisikleta
	Dapat pansamantalang huminto		Bawal tumawid ang tao o pedestrian		Tawiran
	Tawiran		Tawiran ng bisikleta		Tawiran ng tao o pedestrian at ng bisikleta
	Railroad crossing		May traffic light		Ginagawa ang kalsada (road under construction)